

.....

# Pormatibong Ebalwasyon na Pag- aaraal sa #Sulat v. 2:0: Worksyap sa Pagsulat ng Diona

Ronald B. Kinilitan  
Jean Cristine V. Ontal  
Ginalyn A. Orillana

Ang papel na ito ay isang pormatibong ebalwasyon na pag-aaraal para sa oryentasyong panlipunan na programa ng Departamento ng Filipino at mga Wikang Banyaga ng Unibersidad ng Silliman na tinawag, “#Sulat v. 2.0: Worksyap sa Pagsulat ng Diona” katuwang ang kanilang kasosyo na komunidad, ang Little Children of the Philippines, Inc. (LCP), sa siyudad ng Dumaguete. Ang layunin ng programa ay mapalaganap at maisabuhay ang isa sa mga katutubong anyo ng panitikan ng ating bansa, ang Diona. Ang programang ito ay kasisimula pa lamang kayat isang pormatibong pag-aaraal ay nararapat gawin. Ito ay nagtitiyak na ang proyekto ay kayang gawin, angkop at katanggap-tanggap bago ito ipatutupad nang buo.

Ang mga kalahok ay mga *sponsored* na mga *junior* hayskul na mag-aaraal sa LCP. Sila ay sumagot sa ebalwasyong papel upang malaman ang kanilang mga impresyon at mga aral na natutunan. Ito ang naging batayan sa pag-aaraal na ito. Para sa lugar na pinagdausan at mga kagamitang ginamit, ito ay nakakuha ng marka na nakamit ang inaasahan at ang marka naman sa paksa at mga natutunan mula sa worksyap ay lampas pa sa inaasahan. Ang mga komento at suhestiyon mula sa mga kalahok sa mga gawain at mga natutuhan ay positibo halos lahat. Ang kanilang kasanayan sa pagsulat ay nahasa, nakapulot ng mga mahahalagang aral sa buhay at napahalagahan ang ating sariling panitikan gamit ang ating pambansang wika.

Ang programang ito ay dapat ipagpatuloy, at higit pa na ebalwasyon ay kailangan para pagtibayin pa ang sistema ng programa, pag-uulat ng pag-unlad, masubaybayan at masuri ang mga estratehiya sa programa, at pagsasangkot sa mga tagapagpatupad ng proyekto. Ang mga iba-ibang uri ng ebalwasyon ay dapat isagawa tulad ng proseso ng pagpapatupad, kinalabasan/ pagiging epektibo, at impak ng programa.

**Susing salita:** oryentasyong panlipunan, pormatibong ebalwasyon ng pag-aaraal, Diona

## INTRODUKSYON

Ang Panitikan ng Pilipinas ay mayaman at makulay, katulad ng kasaysayan nito. Ito ay produkto ng kultural na tradisyon ng ating mga ninuno, sosyo-politikal na mga kasaysayan ng ating mga mananakop, at komtemporaryong tradisyon. Ang pagiging hindi pamilyar ng mga karaniwang Pilipino sa mga literatura ng ating mga ninuno ay dahil sa pagsisikap ng ating mga koloniyalista na burahin ang mga oral na tradisyon. Sa ngayon, ang mga manunulat na Pilipino, mga tao nasa larangan ng sining, at mga mamamahayag ay gumagawa ng mga hakbang na mabigyang halaga ang mayamang etnikong kultura ng ating bansa at ipamahagi ito sa mga paaralan at iba-ibang uri ng mass media para malaman ng mga kabataan ngayon ang ating sariling pagkakilanlan bilang isang Pilipino (Ortega, n.d.).

Importante na pahalagahan ang ating sariling identidad bilang isang Pilipino sa pamamagitan ng ating panitikan at kultura.

*“Being a Filipino does not end with preferring English over Filipino, nor choosing hamburgers over sinigang, but rather ends when we have forgotten that we have our own literature, culture, and heritage to the point where we abandon it”* ( Reyes, 2019).

Isa mga katutubong panitikan sa ating bansa ay ang Diona. Ito ay isang katutubong anyo ng tula na may tugma na binubuo ng tatlong linya na may pitong pantig sa bawat taludtod na nagpapahayag ng isang buong diwa (“Mga Katutubong Tula,” n.d.). Kumpara sa tanaga at dalit, ito ang mas hindi alam at kinikilalang anyo ng panitikan.

Ang pagsasabuhay ng Diona bilang isang uri ng tula ay napapanahon at makabuluhan sa henerasyon ngayon na lumaki sa paggamit ng mga kompyuter at cellphone. Ang kanilang atensiyon ay mababa at gusto nila ng mabilis at madali katulad ng kanilang nakikita sa kanilang mga sosyal-midya account. Batay sa mga nabanggit, sila ay madaling makakonek nito dahil ito ay maikli, simpleng gawin, siksik sa mga impormasyon at isang masayang paraan ng pagpapahayag sa kanilang mga sarili na nabibigay ng tagumpay at kasiyahan (Orillos, 2005).

Para mapalaganap at maisabuhay ang isa sa mga katutubong anyo ng panitikan ng ating bansa, ang Departamento ng Filipino at mga Wikang Banyaga ng Unibersidad ng Silliman ay nagsagawa ng isang oryentasyong

panlipunan sa pamamagitan ng seminar-worksyap tungkol dito. Ang gawain ay tinawag na “#Sulat v. 2.0: Worksyap sa Pagsulat ng Diona.”

Sa pamamagitan ng gawain, ito ay magsisilbing isang behikulo para makabuo ng kaalamang panlipunan tungkol sa ating sariling panitikan tulad ng Diona na maaring makatanggal ng stigma sa tula o sa panitikan sa pangkalahatan na ito ay para lamang sa mga piling pangkat ng mga intelihenteng elitista. Nais ng departamento na ang mga kabataan sa *Little Children of the Philippines, Inc.* (LCP) na lahat kahit anuman ang estado sa buhay ay makapagpapahayag ng kanilang kaisipan at damdamin sa pamamagitan ng pagsulat ng tula gamit ang ating sariling wika. Ito rin ay isang daan para makadiskubre ng mga bagong sibol na mga manunulat na magmumula sa mga kabataan doon.

*”Filipinos are lyrical by nature. Our language is filled with rhyme and rhythm; the usage of Filipino is very poetic, even in everyday speech”* (Nadera, 2005 sa Carpio, 2005).

Ang programang ito ay kasisimula pa lamang kayat isang pormatibong ebalwasyon ay kailangan. Ang pormatibong ebalwasyon ay nagtitiyak na ang proyekto ay kayang gawin, angkop at katanggap-tanggap bago ito ipatutupad nang buo (“Types of Evaluation,” n.d.).

Ang mga layunin ng pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Natutukoy ang mga inaasahan sa worksyap (lugar, kagamitan, paksa, at mga aral na natutunan);
2. Naiisa-isa ang kanilang mga nagustuhan;
3. Nababanggit ang mga aral na natutuhan;
4. Naililista ang kanilang mga komento at suhestyon.

## METODOLOHIYA

Ang lugar na pinagdausan ng gawain ay sa *Little Children of the Philippines Foundation Inc.* sa Claytown Daro, siyudad ng Dumaguete, Negros Oriental noong Marso 9, 2019. Ito ang kasosyo na komunidad ng departamento. Ang mga kalahok ay 33 mga *sponsored* na mga *junior* hayksul na mag-aaral sa nasabing *foundation*. Sila ay nagmula sa 14 na pinakamahirap na komunidad sa loob at labas ng siyudad ng Dumaguete.

### Talahanayan 1

*Profayl ng mga Respondente batay sa Kasarian*

Kasarian	Prekwensi	Porsyento
Lalaki	13	39.39
Babae	20	60.61
Kabuuan	33	100.00

### Talahanayan 2

*Profayl ng mga Respondente batay sa Edad*

Edad	Prekwensi	Porsyento
13	20	60.61
14	13	39.39
Kabuuan	33	100.00

Bilang awtput sa nasabing gawain, ang mga kalahok ay pinangkat na may tatlo o apat na miyembro at sila ay nagsulat ng kanilang sariling Diona ayon sa tema na tinalakay sa gawain. Ang tema sa gawain ay tungkol sa kahirapan. Pagkatapos ng worksyap, nagbigay ng mga ebalwasyong papel para malaman ang kanilang kabuuang impresyon at mga aral na natutuhan.

Ang ebalwasyon sa worksyap ay batay sa mga sumusunod: lugar na dinausan ng worksyap, kagamitan na ginamit, mga paksa, at mga natutuhan. Ang kriterya na nasa ilalim ang siyang ginamit sa ebalwasyon ng gawain.

### Talahanayan 3

*Kriterya*

---

Hindi nakamit ang inaasahan  
Bahagyang nakamit ang inaasahan  
Nakamit ang inaasahan  
Lampas pa sa inaasahan

---

Dagdag pa rito, ang mga kalahok ay hiningan din ng kanilang mga komento at suhestyon sa worksyap tungkol sa kanilang pinakanagustuhan, mga natutuhan, at rekomendasyon.

## RESULTA AT DISKUSYON

**Bahagi A.** Makikita sa mga talahanayan ang kabuuang resulta sa ebalwasyon ng worksyap mula sa mga kalahok. Ang mga talahanayan sa ibaba ay

nagpapakita sa kanilang inaasahan mula sa worksyap (lugar na dinausan, kagamitan, paksa at mga natutuhan).

Ang pamantayan sa Talahanayan 3 ang ginamit upang matukoy ang mga inaasahan:

#### Talahanayan 4

##### *Lugar na dinausan ng worksyap*

Krayterya	Prekwensi	Porsyento
Hindi nakamit ang inaasahan	1	3%
Bahagyang nakamit ang inaasahan	6	18%
Nakamit ang inaasahan	19	58%
Lampas pa sa inaasahan	7	21%
Kabuuan	33	100

Tatlong porsyento sa mga kalahok ang nagsabi na ang lugar na dinausan ng worksyap ay hindi nakamit ang inaasahan. Labinwalong porsyento ang nagsabi na bahagyang nakamit ang inaasahan. Limampu't walong porsyento ang nagsabi na nakamit ang inaasahan, at dalawampu't isang porsyento ang nagsabi na lampas pa sa inaasahan. Sa kabuuan, ang lugar na dinausan ng worksyap ay bahagyang nakamit ang inaasahan. Apatnapu na mga kalahok ang inaasahan ng mga tagapamahala ng programa na dadalo subalit lumagpas ng animnapung mga kalahok. Dahil dito, ang lugar ay hindi angkop sa ganito kalaking bilang ng mga kalahok at nangangailangan ng mas malaking lugar para sa nasabing aktibiti.

Ayon kay Payton (2015) pagkatapos makabuo ng mga layunin sa worksyap, ang susunod na gagawin ay ang pagpili ng angkop na lugar. Ang mga pangunahing salik sa pagpili ng lugar ay ang aksesibilidad ng lokasyon, kapasidad, *built-in amenities*, at ang layout ng silid.

#### Talahanayan 5

##### *Mga kagamitan sa worksyap*

Krayterya	Prekwensi	Porsyento
Hindi nakamit ang inaasahan	0	0%
Bahagyang nakamit ang inaasahan	2	6%
Nakamit ang inaasahan	21	64%
Lampas pa sa inaasahan	10	30%
Kabuuan	33	100

Anim na porsyento sa mga kalahok ang nagsabing ang mga kagamitan sa worksyap ay bahagyang nakamit ang inaasahan. Animnapu't apat ang nagsabing nakamit ang inaasahan, at tatlumpu ang nagsabing lampas pa sa inaasahan. Sa kabuuan, ang mga kagamitan sa worksyap ay nakamit ang inaasahan. Ang mga materyales na ginamit sa worksyap ay kartolina, markers, at mga pangkulay. Ito ang ginamit batay sa mga aktibiti na inihanda ng mga fasiliteytor.

Isa sa mga aytem sa pagpapalano ng isang seminar-worksyap ay matukoy ang mga kakailanganing kagamitan upang makamit ang mga layunin ng aktibiti (Hard, 2019). Ang ilan sa mga krayterya sa pagpili ng mga kagamitan ay angkop sa nilalaman at sa mga kalahok, *equity* at aksesibilidad, at mahusay na kalidad (Marbas, n.d.).

## Talahanayan 6

### *Mga paksa sa worksyap*

Krayterya	Prekwensi	Porsyento
Hindi nakamit ang inaasahan	0	0%
Bahagyang nakamit ang inaasahan	3	9%
Nakamit ang inaasahan	13	39%
Lampas pa sa inaasahan	17	52%
Kabuuan	33	100

Siyam na porsyento sa mga kalahok ang nagsabing ang paksa sa worksyap ay bahagyang nakamit ang inaasahan. Tatlumpu't siyam ang nagsabing nakamit ang inaasahan, at limampu't dalawa ang nagsabing lampas pa sa inaasahan. Sa kabuuan, ang mga paksa sa worksyap ay lampas pa sa inaasahan. Ang mga paksa na tinalakay sa worksyap ay angkop sa lebel at sosyal istatus ng mga kalahok sapagkat ang tema ng aktibiti ay nakatuon sa kahirapan. Dagdag pa rito, ang mga kalahok ay nakasulat ng sariling Diona batay sa paksa at tinalakay sa harap ng iba pang kalahok.

Ayon kay Smith (2017) sa pagpili ng paksa ng worksyap, napakinam na magkaroon ng isang malinaw na layunin. Kailangan din matiyak ang kaalaman sa paksa, lebel ng edukasyon, interes, at ang pangangailangan ng mga kalahok.

## Talahanayan 7

### *Mga natutuhan sa worksyap*

Krayterya	Prekwensi	Porsyento
Hindi nakamit ang inaasahan	0	0%
Bahagyang nakamit ang inaasahan	3	9%
Nakamit ang inaasahan	9	27%
Lampas pa sa inaasahan	21	64%
Kabuuan	33	100

Siyam na porsyento sa mga kalahok ang nagsabing ang kanilang mga natutuhan ay bahagyang nakamit ang inaasahan. Dalawampu't pitong porsyento ang nagsabing nakamit ang inaasahan, at animnapu't apat ang nagsabing lampas pa sa inaasahan. Sa kabuuan, ang mga natutuhan ng mga kalahok sa worksyap ay lampas pa sa inaasahan. Ang worksyap ay hindi lamang nakapokus sa paksa (Diona) kung hindi sa mga aral sa buhay na maaaring maiugnay at mailapat ng mga kalahok sa iba-ibang kontekstong panlipunan.

Ang tula ay isang makapangyarihang kasangkapan sa pagpapataas ng kamalayan sa mga tiyak na isyung panlipunan. Ang Tanaga ang isa sa pinakalumang anyo ng tula sa ating bansa na ginamit upang turuan ang publiko tungkol sa mga isyu sa mental na kalusugan at upang maiwasan ang pagpapakamatay sa pamamagitan ng pag-organisa ng isang paligsahan sa pagsulat ng tula. Ang mga entri ay isinulat sa Filipino upang maipahayag ang pakikipaglaban tungkol sa isyu ng pagpapakamatay (Nadal, 2014).

**Bahagi B.** Makikita sa mga talahanayan ang mga komento at suhestyon ng mga kalahok sa worksyap. Makikita kung ano ang kanilang pinakanagustuhan, mga natutuhan, at mga rekomendasyon.

## Talahanayan 8

### *Tanong 1: Anong pinakanagustuhan sa worksyap?*

Paksa	Natutuhan	Paglalatap
1. Maikling kwento.	1. Ang pagpapaliwanag tungkol sa kahirapan.	1. Ang paggawa ng tula at paggawa ng simbolo.
2. Tulang Diona.	2. Ang pinakanagustuhan ko sa worksyap ay yung mga halimbawa ng Diona na ginawa ni Ate Ma. Lourdes Baloro.	2. Yung paggawa ng symbol.

- |  |  |  |
|--|--|--|
| 3. Ay yong may mga taludtod.   | 3. Yung pagtuturo tungkol sa pagpupursigi.   | 3. Ang paggawa ng mga simbolo.   |
| 4. Tungkol sa Diona.   | 4. Ang pinakanagustuhan ko sa worksyap ay ang tula.  | 4. Ang paggawa ng simbolo sa tagumpay.   |
| 5. Diona at kahirapan.   | 5. Ang pinakanagustuhan sa worksyap ay nong pagsusulat ng diona.                               | 5. Ang nagustuhan ko ay ang paggawa ng diona at pag explain.                                     |
| 6. Yung Diona at tula.   | 6. Mga aral na natutuhan at mga aktibidad.   | 6. Iyong paggawa ng Diona.   |
| 7. Ang buhay ng mahirap na natalakay.  | 7. Ang nagustuhan ko sa worksyap ay yong nagdrawing kong ano ang sign sa pagkamit ng pangarap. | 7. Ang paggawa ng Diona at pagkukwento.  |
| 8. Iyong mga tanong na ibinigay niyo at yung laro na inihanda niyo.                |  | 8. Ang pinakanagustuhan ko sa worksyap ay ang paggawa ng tula.                                   |
| 9. Maikling kwento.  |  | 9. Pagawa ng Diona .   |
| 10. Ang nagustuhan ko sa worksyap ay maganda ang lugar at kasya lang kaming lahat. |  | 10. Ang nagustuhan ko ay naglaro at nagsulat nang diona.   |
| 11. Ang nagustuhan ko sa worksyap ay maganda ang lugar at kasya lang kaming lahat. |  | 11. Ang pinakagustuhan kong worksyap, ay ang paggawa ng Diona, pagguhit ng gusto nilang makamit. |
|  |  | 12. Ang paggawa ng mga symbol.   |
|  |  | 13. Nang pinagawa kami ng Diona.   |
|  |  | 14. Ang magsulat ng Diona.   |
|  |  | 15. Ang paggawa ng Diona.  |

Ang mga komento ng mga kalahok tungkol sa kanilang pinakanagustuhan ay hinati sa tatlong kategorya: paksa, mga pananaw/natutuhan, at paglalapat. Nagustuhan ng mga kalahok ang iba-ibang paksa na tinalakay sa worksyap, tulad ng Diona at maikling kwento. Nagustuhan din ng mga kalahok ang kanilang mga natutuhan sa worksyap, tulad ng pagsulat ng Diona at ang halaga ng pagsisikap at pagpupursigi. Dagdag pa rito, nagustuhan din nila ang iba-ibang gawain sa worksyap, tulad ng



pagsulat ng Diona at pagguhit ng mga simbolo. Sa kabuuan, napahusay at nahasa ang kasanayan sa pagsulat at pagsasalita, kaalaman at pagpapahalaga ng mga kalahok sa ginawang aktibiti. Sa pamamagitan ng pagpapatibay sa mga makrong kasanayan gamit ang pambansang wika, magiging paraan ito upang mataguyod at mapanatili ang iba-ibang anyong pampanitikan at ang pagpapahalagang Pilipino.

Sa ginawang pag-aaral ni Cortes, et al. (2016) tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng ating pambansang wika, makikita na may mga Pilipinong mag-aaral ang nagbibigay pa rin ng halaga sa paggamit ng pambansang wika sa kanilang tahanan, paaralan, at sa iba-ibang lugar sa bansa sa pakikipag-ugnayan. Dagdag pa rito, mas mainam na matutuhan at gamitin ang wikang Pilipino dahil ito ang ating pagkakakilanlan.

Ayon sa pag-aaral na isinagawa ni Roebuk (2015) tungkol sa epekto ng mga tula sa pedagohiya ng hayskul, makikita na pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang pagkakataong maipahayag ang kanilang mga kaisipan at damdamin gamit ang tula.

Sa katulad na konteksto, ang “Textanaga,” “Dalitext,” at “Textula” ay mga paligsahan gamit ang *short messaging service* upang mapataas ang kamalayan at pagpapahalaga sa tradisyunal na tulang Pilipino sa publiko. Ang ilan sa mga tema sa kompetisyon ay tungkol sa pag-ibig sa kapaligiran at romantikong pagmamahal (Carpio, 2005). Ang mga paligsahan na ito ay naging matagumpay at marami ang nagsusumite bawat taon, lalo na ang “dionatext” na nakatuon sa ugnayan o relasyon ng pamilyang Pilipino (Orillos, 20015).

## Talahanayan 9

### *Tanong 2: Anong mga mahahalagang natutuhan sa worksyap?*

<b>Positibong pananaw tungkol sa kahirapan</b>	<b>Positibong pagharap sa mga pagsubok sa buhay</b>	<b>Pagsusumikap para magtagumpay</b>
1. Hindi hadlang ang tagumpay.	1. Ang natutunan ko sa worksyap ay huwag mawalan ng pag-asa.	1. Ang aking mga natutuhan sa worksyap ay dapat pursigido kang mag-aral para sa iyong mga pangarap.
2. Hindi hadlang ang kahirapan para makamit ang tagumpay.	2. Dapat wag mawalan ng pag-asa.	2. Maging tagumpay sa buhay.
3. Kahirapan ay hindi hadlang upang makamitan ang pangarap.	3. Wag susuko pag may problema.	3. Kung ikaw ay mahirap dapat magsumikap.

- |  |  |  |
|--|--|--|
| <p>4. Hindi hadlang ang kahirapan para hindi makapagtapos ng pag-aaral.</p> <p>5. Ang mahalaga kong natutunan sa worksyap ay hindi hadlang ang kahirapan para hindi makapagtapos ng pag-aaral.</p> <p>6. Ang mahalagang natutuhan ko, ay ang paggalang sa kapwa tao, pagmamahal at huwag tumigil sa pagkakamit ng pangarap.</p> <p>7. Hindi problema ang kahirapan.</p> <p>8. Ang kahirapan ay hindi hadlang sa pangarap.</p> <p>9. Ang natutuhan ko ay ang kahirapan ay hindi hadlang sa buhay.</p> | <p>4. Hindi hadlang ang kahirapan upang maabot ang pangarap na inaasam.</p> <p>5. Hindi hadlang ang kahirapan at pera sa iyong pangarap.</p> <p>6. Hindi dapat tayo mawalan ng pag-asa.</p> <p>7. Trust to God, study hard and do better.</p> <p>8. Wag sumuko, kakapit lang sa Diyos.</p> <p>9. Wag sumuko may tagumpay na nag-aantay.</p> <p>10. Dapat hindi susuko kong ano man ang kahirapan na dadating.</p> <p>11. Wag mawalan ng pag-asa.</p> <p>12. Ang hindi sumuko sa mga pagsubok at wag mawalan ng pag-asa.</p> <p>13. Wag susuko sa anomang pagsubok na dumating.</p> <p>14. Hindi mawalan ng pag-asa sa mga pagsubok</p> | <p>4. Ang mga mahahalagang natutuhan sa worksyap yung sinabi mo sa harap na tungkol sa kahirapan. Kailangan naming magtagumpay.</p> <p>5. Ang kahulugan ng buhay.</p> <p>6. Dapat tayong magkaroon ng pagkakaisa upang maging matagumpay.</p> <p>7. Ang mahalagang natutuhan ko, ay ang paggalang sa kapwa tao, pagmamahal at pagkakamit ng pangarap.</p> <p>8. Natutuhan ko na dapat tayo ay magsikap upang magtagumpay.</p> <p>9. Pagsisikap nang pag-aaral.</p> <p>10. Ang diona- ang dali lang kasi matutuhan.</p> |
|--|--|--|
- 

Ang mahahalagang aral na natutuhan ng mga kalahok sa worksyap ay pagkakaroon ng motibasyon na maging matagumpay sa buhay, positibo sa gitna ng mga pagsubok at hindi pagsuko. Ang mga aral na nabanggit ay tunay na kapaki-pakinabang sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Nagpapakita ito ng mga pagpapahalagang Pilipino tulad ng pagiging maka-Diyos, makatao, makakalikasan at makabansa.

Ang pagkatuto sa kultura at tradisyong Pilipino ay tungo rin sa kaalaman ng mga pagpapahalagang Pilipino. Sumasalamin ito sa personalidad ng mga Pilipino (Expats Guide: Filipino values, 2015). Ang mga kaugaliang ito ay mahalaga dahil tumutulong ito sa paglinang sa paglikha ng kinabukasang kanyang inaaasam-asam (Barret Values Centre, n.d.).

**Talahanayan 10***Komento o Suhestyon*

<b>Positibong komento sa Worksyap</b>	<b>Positibong komento sa mga Tagapagdaloy</b>	<b>Negatibong komento sa Worksyap</b>	<b>Walang Komento</b>
1. Very interesting.	1. Maganda at	1. Maganda sya	1. Wala.
2. Happy.	magaling maraming	pero distructed	2. Nothing.
3. Amazing.	aral na natutunan.	kami sa music	3. Wala!!!
4. Amazing at maraming mga bagay na natutunan.	2. Masaya ang leksyon at marami akong natutunan.	kahit na may iniisip kami	
5. Ang worksyap ay masaya.	3. Dapat hindi kalimutan ang lesson natin.		
6. Ang komento ko ay masay/a naman ang worksyap.	4. Magaling magturo ang mga ate. ;) hahaha		
7. Maganda ang worksyap. Unexpected ang mga pangyayari. Nasisiyahan ako.	5. Salamat sa inyong binahaging impormasyon tungkol sa mga Diona at tula.		
8. Nasisiyahan ako sa mga aktibidad at nabusog ako sa mga binigay nilang snacks.	6. Ang komento ko ay maraming salamat.		
9. Maganda para sa akin ang worksyap na ito.			
10. Maganda ang worksyap.			
11. Maganda siya pero para distructed kami sa music kahit may iniisip kami.			
12. Maganda naman ang worksyap na ito. Meron din kaming natutunan na aral.			
13. Maganda at mapupulutan ng aral.			
14. Ang worksyap ay marami akong natutunan.			
15. Masaya at marami akong natutunan sa worksyap na ito.			
16. Marami akong natutunan sa araw na ito at maganda ang nakukuha ko sa leksyon.			
17. Marami akong natutunan sa araw na ito at maganda ang nakukuha ko sa leksyon.			
18. Interesting siya dahil marami kaming natutuhan at napulutan ng aral.			
19. Maraming aral.			

Ang mga komento at suhestyon ng mga kalahok ay tungkol sa worksyap at mga fasiliteytor. Nasiyahan ang mga kalahok sa worksyap ngunit may isang kalahok na nagsabing nadistrak sila sa musikang pinatugtog habang sila ay sumusulat ng kanilang mga awputs. Nabanggit din ng mga kalahok na magaling ang mga fasiliteytor at marami silang natutuhan mula sa kanila. Ang kanilang mga komento ay nagpapatunay lamang na nakatulong ang mga fasiliteytor sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat sa masaya at kawili-wiling paraan at naiisulong din ang kamalayan hinggil sa tradisyonal na anyo ng panulaang Pilipino. Dagdag pa, pinatatag din nito ang mga kaugaliang Pilipino.

Ang mga paaralan at institusyon ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagpatatag ng pagsulong ng edukasyong pagpapakatao sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga oportunidad sa mga mag-aaral na ibahagi sa kapwa ang mga kaugaliang etikal na natutuhan sa tahanan at pakikipag-ugnayan sa mga taong nakapaligid sa kanila (Manila Bulletin, 2016).

*“As always, the educated, knowing what needs to be done, must not wait for those who do not know what to do. The learned has the solemn obligation to show the way, the sacred duty to take the first move. This how society learns from them. This is how education is shared with society”* (Lacson, 2005).

## KONKLUSYON

Ang mga layunin ng pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod: matukoy ang kanilang mga inaasahan sa worksyap (lugar, kagamitan, paksa, at mga natutuhang aral; maisa-isa ang kanilang pinakanagustuhan; maipahahayag ang mga aral; mailista ang kanilang mga komento at suhestyon.

Batay sa mga resulta, ang aktibiti ay nakakuha ng mataas na marka mula sa mga kalahok. Ang lugar at kagamitan ay nakamit ang inaasahan at ang mga paksa at natutuhang aral sa worksyap ay lampas pa sa inaasahan.

Ang mga komento at suhestiyon ng mga kalahok sa mga aktibiti at natutuhang aral sa worksyap ay positibo. Nalinang ang kanilang kasanayan sa pagsulat gayundin ang mga mahahalagang aral sa buhay at mas lalong napahalagahan ang sariling panitikan gamit ang pambansang wika. Ang isang komento sa pagsagawa ng aktibiti na nangangailangan ng pagpapabuti ay itinala. Ang musikang pinatugtog sa aktibiti ay kailangang hinaan habang sila ay nagsusulat ng awtput.

Kailangang ipagpatuloy ang aktibiti upang mapahalagahan ang pagkakakilanlan bilang Pilipino sa tulong ng panitikan, pagbabahagi ng asal o kaugalian at paglinang ng kasanayang panliterasi ng mga kabataan sa Little Children of the Philippines, Inc. dahil ang mga kasanayang ito ay mahalaga sa epektibong komunikasyon at maging matagumpay sa iba-ibang perspektibo. Malaki ang maiaambag nito sa mga komunidad lalong-lalo na sa kanilang sosyal na sitwasyon at personal na mga tagumpay.

Sa kabuuan, ang pormatibong ebalwasyon na ito ay nagpapakita kung paano isinagawa ang programa upang lalo itong pagbutihin sa lalong mas madaling panahon, pagbahagi ng mga nakuhang aral ng mga kalahok, pagulat at pagtibayin ang pananagutan sa pagsasagawa ng aktibiti.

Ang higit pang ebalwasyon ay kinakailangan sa pagpapatibay ng programa, pag-uulat ng pag-unlad, pagsusubaybay at pag-eebalweyt ng mga estratehiya, at pagiging sangkot ng mga tagapagpatupad ng programa. Ang iba-ibang ebalwasyon ay ipatutupad tulad ng proseso ng pagpapatupad, kinalabasan/bisa, at ang impak ng programa.

Ang ebalwasyon sa proseso/implementasyon ay magsisimula pagkatapos ng anim na buwan ng bisa ng proyekto upang tukuyin kung ang mga aktibiti ay naisagawa ayon sa layunin nito. Kasali rito ang lahat ng tagapagpatupad ng programa na kinabibilangan ng mga guro, kawani, at mga mag-aaral sa Departamento ng Filipino at mga Wikang Banyaga sa Unibersidad ng Silliman at ang administrasyon at kawani ng Little Children of the Philippines Foundation, Inc.

Ang Social Engagement and Service-Learning Department sa Unibersidad ng Silliman ay magiging bahagi ng pangkat na susuri at tutugon sa layunin, at panukalang pamamaraan at proseso.

Ang ebalwasyon sa kinalabasan/bisa ay isasagawa pagkatapos ng isang taon, at ang *impact evaluation/study* ay isasagawa pagkatapos ng tatlong taon ng implementasyon ng programa.

## SANGGUNIAN

Barret Values Centre (n.d.) Why values are important. Retrieved from <https://www.valuescentre.com/values-are-important/>

Carpio, A.A. (2005). Techno-literature a la Pinoy. Retrieved from <https://www.philstar.com/business/telecoms/2005/05/14/277518/techno-literature-la-pinoy>

- Cortes, et al. (2016). Sitwasyong pangwika sa kabataan sa kasalukuyang panahon. (Thesis).
- Concepcion Catholic School, Concepcion, Tarlac. Retrieved from <https://www.scribd.com/document/328528881/Thesis-Sitwasyong-Pangwika-Sa-Kabataan-Sa-Kasalukuyang-Panahon>
- Expat's Guide: Filipino values (2015). Retrieved from <https://primer.com.ph/tips-guides/2015/12/24/expat-guide-to-filipino-values/>
- Hard, R. (2009). Seminar definition and planning advice. Retrieved from <https://www.thebalancesmb.com/what-is-a-seminar-1223636>
- Lacson, A. L. (2005). *12 Little Things Every Filipino Can Do to Help Our Country*. Quezon City, Philippines: Alay Pinoy Publishing House.
- Manila Bulletin (2016). Celebrating good, unique Filipino values. Retrieved from <https://news.mb.com.ph/2016/11/05/celebrating-good-unique-filipino-values/>
- Orillos, J.B. (2005). Connecting Families through Dionatext. Retrieved from <http://sanghaya.net.ph/welcome/2005/12/31/1014/>
- Ortega, C.G (n.d.) The Literary Forms in Philippine Literature. Retrieved from <https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/subcommissions/subcommission-on-the-arts-sca/literary-arts/the-literary-forms-in-philippine-literature/>
- Payton, I. (2015). How to choose the best venue for your seminar or training. Retrieved from <https://www.telsec.net/how-to-choose-the-best-venue-for-your-seminar-or-training/>
- Marbas, J. (n.d.) The importance of Instructional Materials. Retrieved from [https://www.academia.edu/8704377/THE\\_IMPORTANCE\\_OF\\_INSTRUCTIONAL\\_MATERIALS](https://www.academia.edu/8704377/THE_IMPORTANCE_OF_INSTRUCTIONAL_MATERIALS)
- Mga Katutubong tula (n.d.). Retrieved from <https://www.coursehero.com/file/pup4hs/Mga-Katutubong-Tula-a-Diona-Ang-diona-ay-isang-katutubong-anyo-ng-tula-na/>
- Reyes, G. (2019). Appreciating the Filipino identity through our literature and culture. Retrieved from <https://www.rappler.com/move-ph/ispeak/231763-appreciating-filipino-identity-through-literature-culture>
- Roebuck, C.D. (2015). Impact and import of poetry in high school pedagogy: A study of practice and student learning. (Thesis). The State University of New Jersey, New Brunswick, New Jersey. Retrieved from: <https://www.semanticscholar.org/paper/IMPACT-AND-IMPORT-OF-POETRY-IN-HIGH-SCHOOL-A-STUDY-Roebuck/13f0e87ccbda93676ea1a18a275cb94e75e30541>
- Smith, A. (2017). *4 Tips on How to Choose a Good Presentation Topic*. Retrieved from [https://www.huffpost.com/entry/4-tips-on-how-to-choose-a-good-presentation-topic\\_b\\_59cf1ddce4b0f58902e5cc5f](https://www.huffpost.com/entry/4-tips-on-how-to-choose-a-good-presentation-topic_b_59cf1ddce4b0f58902e5cc5f)
- Types of evaluation (n.d.). Retrieved from <https://www.cdc.gov/std/Program/pupestd/Types%20of%20Evaluation.pdf>